Patakaran sa Pinansiya: Pinapalitan ang Patakaran	PETSA NG DRAFT NA PATAKARAN Petsa na Epektibo: Petsa na Pinal na Naaprubahan: Petsa na Binago: Petsa ng Susunod na Pagrerepaso:	07/28/2015 12/31/2015 1/1/2019
	May-ari:Jeff Sprague, CFO	
	Larangan ng Patakaran:	Pananalapi
	Mga Sanggunian:	

PATAKARAN SA TULONG PINANSIYAL (PANGANGALAGANG PANGKAWANG-GAWA)

LAYUNIN

Ang layunin ng patakarang ito ay ang bigyan ang mga pasyente ng impormasyon sa Tulong Pinansiyal (Pangangalagang Pangkawang-gawa) na makukuha sa mga ospital na pasilidad ng Sutter Health at para ibalangkas ang proseso ng pagpapasiya ng pagiging kwalipikado para sa Tulong Pinansiyal.

PATAKARAN

Patakaran ng Sutter Health na bigyan ang mga pasyente ng naiintindihang nakasulat na impormasyon hinggil sa Tulong Pinansiyal upang magbigay ng batay-sa-kita na Tulong Pinansiyal (Pangangalagang Pangkawang-gawa) sa mga kwalipikadong pasyente.

SAKOP

Ang patakarang ito ay nauukol sa lahat ng lisensiyadong ospital na pasilidad ng Sutter Health o isang Affiliated Entity (ayon sa pagpapakahulugan sa salitang ito ng mga alituntuning panloob ng Sutter Health), at lahat ng iba pang ospital kung saan ang Sutter Health at/o Affiliated Entity ay may direkta o hindi direktang karapatang bumoto o sosyo (equity interest) na mas malaki kaysa sa 50% (mula dito ay tutukuyin bilang “Ospital” o “Mga Ospital ng Sutter Health” tulad ng nakalista sa Apendiks G).Maliban kung iba ang nakasaad, hindi nauukol ang patakarang ito sa mga doktor o iba pang tagapagbigay ng serbisyong medikal, kabilang ang mga doktor sa emergency room, mga anesthesiologist, radiologist, hospitalist, pathologist, atbp., na ang mga serbisyo ay hindi kasama sa bill sa Ospital. Ang patakarang ito ay hindi bumubuo ng obligasyon para bayaran ng Ospital ang mga serbisyo ng mga doktor na ito o mga iba pang tagapagbigay ng serbisyong medikal.Sa California, ang doktor pang-emergency na nagbibigay ng mga serbisyong pang-emergency sa ospital ay kinakailangang magbigay ng mga diskuwento sa mga pasyenteng walang insurance o mga pasyenteng may mataas na gastusing medikal na nasa antas ng o nasa ibaba ng 350 porsiyento ng federal poverty level.

MGA KAHULUGAN

Mga Masalimuot/Espesyalisadong Serbisyo:Ang “Mga Masalimuot/Espesyalisadong Serbisyo” ay mga serbisyo na ipinapasiya ng Sutter Health o ng Ospital bilang masalimuot at espesyalisado (hal., mga transplant, pang-eksperimento at sinisiyasat na serbisyo) pati na rin mga partikular na elektibong serbisyo na karaniwang hindi kasama sa coverage sa ilalim ng mga kasunduan sa coverage sa planong pangkalusugan (hal., mga pamamaraang kosmetiko).

Federal Poverty Level (FPL):Ang “Federal Poverty Level” o “FPL” ay ang pansukat ng antas ng kinikita na inilalathala bawat taon ng Departamento ng Kalusugan at Mga Serbisyong Pantao (HHS) ng Estados Unidos at ginagamit ng Mga Ospital para ipasiya ang pagiging kwalipikado para sa Tulong Pinansiyal.

Tulong Pinansiyal:Ang “Tulong Pinansiyal” ay tumutukoy sa Kumpletong Pangangalagang Pangkawang-gawa at Pangangalagang Pangkawang-gawa para sa Mataas na Gastusing Medikal (ayon sa binalangkas sa seksyon A.1 Pagiging Kwalipikado).

Mga Serbisyo ng Ospital:Ang “Mga Serbisyo ng Ospital”ay lahat ng serbisyo na lisensiyadong ibigay ng Ospital, kabilang ang emergency na pangangalaga at iba pang pangangalagang medikal na kailangan (maliban ang Mga Masalimuot/Espesyalisadong Serbisyo).

Pangunahing Lengguwahe sa Lugar na Sineserbisyuhan ng Ospital:Ang "Pangunahing Lengguwahe sa Lugar na Sineserbisyuhan ng Ospital" ay ang lengguwaheng ginagamit ng mas kaunti sa 1,000 katao o 5% ng komunidad na pinaglilingkuran ng Ospital batay sa pinakabagong Community Health Needs Assessment o Pagsusuri sa Pangangailangang Pangkalusugan ng Komunidad na isinagawa ng Ospital.

Pasyenteng Walang Insurance: Ang "Pasyenteng Walang Insurance" ay isang pasyente na walang ikatlong partidong pagmumulan ng bayad para sa anumang bahagi ng kanilang mga gastusing medikal, kabilang nang walang limitasyon, ang komersyal o iba pang insurance, mga programang benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan na itinataguyod ng pamahalaan, o pananagutan ng ikatlong partido, at kinabibilangan ng isang pasyente na ang mga benepisyo nila sa ilalim ng lahat ng posibleng pagmumulan ng pambayad ay naubos na bago pa ang pagpasok sa ospital.

Pasyenteng May Insurance:Ang "Pasyenteng May Insurance" ay isang pasyente na may ikatlong partidong pagmumulan ng bayad para sa bahagi ng kanilang mga gastusing medikal, ngunit hindi kabilang ang mga pasyente na sakop ng Medi-Cal.

Pananagutan ng Pasyente:Ang "Pananagutan ng Pasyente" ay ang halaga na pananagutang babayaran ng Pasyenteng May Insurance mula sa kanyang sariling bulsa matapos maipasya ng coverage ng pasyente sa ikatlong partido ang halaga ng mga benepisyo ng pasyente.

MGA PAMAMARAAN

A. PAGIGING KWALIPIKADO

1. Mga Pamantayan ng Pagiging Kwalipikado:Habang nasa proseso ng aplikasyon na itinatakda sa mga seksyon B at C sa ibaba, ilalapat ng Mga Ospital ang mga sumusunod na pamantayan ng pagiging kwalipikado para sa Tulong Pinansiyal:

Kategorya ng Tulong Pinansiyal	Mga Pamantayan ng Pagiging Kwalipikado ng Pasyente	Makukuhang Diskuwento
KUMPLETONG PANGANGALAGANG PANGKAWANG-GAWA	Pasyente na isang Pasyenteng Walang Insurance na ang Kinikita ng Pamilya (ayon sa kahulugan sa ibaba) ay kapantay ng o mas mababa sa 400% ng pinakabagong FPL	Kumpletong pagkakansela ng lahat ng sinisingil para sa Mga Serbisyo ng Ospital
PANGANGALAGANG PANGKAWANG-GAWA PARA SA MATAAS NA GASTUSING MEDIKAL (para sa Mga Pasyenteng May Insurance)	1. Pasyente na isang Pasyenteng May Insurance na ang Kinikita ng Pamilya (ayon sa kahulugan sa ibaba) ay kapantay ng o mas mababa sa 400% ng pinakabagong FPL; **at** 2. Ang mga gastusing medikal para sa kanilang sarili o sa kanilang pamilya (na nagastos sa Ospital o binayaran sa mga ibang provider sa nakalipas na 12 buwan) ay lumalampas sa 10% ng Kinikita ng Pamilya ng pasyente.	Pagkakansela ng halagang Pananagutan ng Pasyente para sa Mga Serbisyo ng Ospital

2. Pagkukuwenta sa Kinikita ng Pamilya:Upang ipasiya ang pagiging kwalipikado ng pasyente para sa Tulong Pinansiyal, unang kukuwentahin ng Ospital ang Kinikita ng Pamilya ng pasyente, ayon sa sumusunod:

    a) Pamilya ng Pasyente:Ang Pamilya ng Pasyente ay ipapasiya ayon sa sumusunod:

        (i) Mga Pasyenteng Nasa Hustong Gulang:Para sa mga pasyenteng lampas 18 taonggulang, kabilang sa Pamilya ng Pasyente ang kanilang asawa, kinakasama, at mga sinusuportahang anak na mas bata sa 21 taon, nakatira man sa bahay o hindi.

        (ii) Mga Pasyenteng Menor-de-Edad:Para sa mga pasyenteng mas bata sa 18 taong gulang, kabilang sa Pamilya ng Pasyente ang kanilang mga magulang, mga tagapag-alagang kamag-anak, at mga iba pang batang mas mababa ang edad sa 21 taon na anak ng (mga) magulang o ng mga tagapag-alagang kamag-anak.

    b) Katibayan ng Kinikita ng Pamilya:Oobligahin lamang ang pasyente na magbigay ng pinakahuling mga pay stub o mga tax return bilang katibayan ng kinikita.Ang Kinikita ng Pamilya ay ang taunang kita ng lahat ng miyembro ng Pamilya ng Pasyente mula sa nakalipas na 12 buwan o nakalipas na tax year ayon sa ipinapakita ng pinakahuling mga pay stub o income tax returns, bawas ang mga binayaran para sa alimony at sustento sa anak.Ang kinikitang isinasama sa pagkukuwentang ito ay lahat ng uri ng kita, hal., mga suweldo at sahod, kita sa pagreretiro, parang cash na nagmumula sa pamahalaan tulad ng mga food stamp, at mga kita sa pamumuhunan.Ang taunang kita ay maaaring malaman sa pamamagitan ng pagtatantiya sa taunang Kinikita ng Pamilya hanggang sa kasalukuyang petsa.Maaaring patotohanan ng Sutter Health ang kinikita sa pamamagitan ng paggamit sa mga tagalabas na tagapagbigay ng serbisyo para sa ipinapalagay na pagiging kwalipikado basta't ipinapasiya lamang ng ganoong serbisyo ang pagiging kwalipikado gamit lamang ang impormasyong pinahihintulutan ng patakarang ito.

    c) Pagkukuwenta ng Kinikita ng Pamilya para sa Mga Pumanaw na Pasyente:Ang mga pumanaw na pasyente, na walang naiwang asawa, ay maaaring maituring na walang kita para sa mga layuning pagkukuwenta ng Kinikita ng Pamilya. Ang dokumentasyon ng kita ay hindi kinakailangan para sa mga pumanaw na pasyente; gayunpaman, maaaring kailangan ang dokumentasyon ng mga estate asset. Ang naiwang asawa ng pumanaw na pasyente ay maaaring mag-apply para sa Tulong Pinansiyal

3. Pagkukuwenta ng Kinikita ng Pamilya bilang Porsiyento ng FPL:Matapos maipasiya ang Kinikita ng Pamilya, kukuwentahin ng Ospital ang antas ng Kinikita ng Pamilya na ikinukumpara sa FPL, inilalarawan bilang porsiyento ng FPL.Halimbawa, kung ang federal poverty level para sa pamilya ng tatlong katao ay $20,000, at ang Kinikita ng Pamilya ng pasyente ay $60,000, kukuwentahin ng Ospital ang Kinikita ng Pamilya ng pasyente bilang 300% ng FPL.Gagamitin ng Mga Ospital ang pagkukuwentang ito habang nasa proseso ng aplikasyon upang ipasiya kung natutugunan ng pasyente ang mga pamantayan ng kita para sa Tulong Pinansiyal.

4. Espesyal na Pangyayari – Naubos ang Mga Benepisyo Habang Naka-ospital ang Pasyente:Kapag binabayaran ng coverage ng Pasyenteng May Insurance sa ikatlong partido ang bahagi lamang ng inaasahang reimbursement ng pamamalagi ng pasyente dahil naubos na ng pasyente ang kanilang mga benepisyo habang naka-ospital, dapat singilin ng Ospital ang pasyente para sa balanse ng inaasahang reimbursement na babayaran sana ng coverage sa ikatlong partido kung hindi naubos ang mga benepisyo.Hindi tutuntunin ng Ospital ang anumang halaga mula sa pasyente na lampas ng halagang babayaran sana ng coverage ng ikatlong partido kung naubos ang mga benepisyo, dagdag ang share of cost o co-insurance ng pasyente. Ang isang pasyenteng lumampas sa hangganan ng kanilang benepisyo habang namamalagi sa ospital ay kwalipikadong mag-apply para sa Tulong Pinansiyal.Kung kwalipikado ang pasyente sa Tulong Pinansiyal, kakanselahin ng Ospital ang lahat ng sinisingil para sa mga serbisyo na ipinagkaloob ng Ospital matapos malampasan ng pasyente ang hangganan ng benepisyo.

5. Mga Hindi Kasama/Diskwalipikasyon sa Tulong Pinansiyal:Ang mga sumusunod ay mga pangyayari kung kailan hindi magagamit ang Tulong Pinansiyal sa ilalim ng patakarang ito:

    a) Humihingi ang Pasyenteng Walang Insurance ng Mga Masalimuot/Espesyalisadong Serbisyo: Sa kalahatan, ang Mga Pasyenteng Walang Insurance na humihingi ng Mga Masalimuot/Espesyalisadong serbisyo (hal. mga transplant, pang-eksperimento o sinisiyasat na pamamaraan), at humihingi ng Tulong Pinansiyal para sa mga ganoong serbisyo, ay kailangang makatanggap ng administratibong pag-apruba mula sa indibidwal na responsable sa pinansiya sa Ospital (o ang nahirang) bago maibigay ang ganoong mga serbisyo upang maging kwalipikado para sa Tulong Pinansiyal.Gagawa ang Mga Ospital ng proseso para sa mga pasyenteng humihingi ng nauunang administratibong pag-apruba para sa mga serbisyong nangangailangan ng ganoong pag-apruba.Ang mga elektibong serbisyo na karaniwang hindi kasama sa coverage sa ilalim ng mga kasunduan sa coverage sa planong pangkalusugan (hal., mga pamamaraang kosmetiko) ay hindi kwalipikado para sa Tulong Pinansiyal.

    b) Mga Pasyenteng Medi-Cal na May Share of Cost:Ang mga pasyenteng Medi-Cal na may tungkuling magbayad ng share of cost ay hindi kwalipikadong mag-apply para sa Tulong Pinansiyal para mapababa ang halaga ng babayarang Share of Cost.Sisikapin ng Mga Ospital na kolektahin ang mga halagang ito mula sa mga pasyente.

    c) Tinatanggihan ng pasyente ang mga sakop na serbisyo:Ang isang Pasyenteng May Insurance na pumipiling humingi ng mga serbisyo na hindi sakop sa ilalim ng kasunduan sa benepisyo ng pasyente (tulad ng isang pasyente ng HMO na naghahanap ng mga serbisyo sa labas-ng-network mula sa Sutter, o isang pasyenteng tumatangging mailipat mula sa isang ospital ng Sutter patungo sa isang pasilidad sa loob-ng-network) ay hindi kwalipikado para sa Tulong Pinansiyal.

    d) Hindi nakikipagtulungan ang Pasyenteng May Insurance sa tagapagbayad na ikatlong partido:Ang isang Pasyenteng May Insurance na ipinaseguro ng tagapagbayad na ikatlong partido na tumatangging bayaran ang mga serbisyo dahil hindi ibinigay ng pasyente sa tagapagbayad na ikatlong partido ang impormasyong kinakailangan para ipasiya ang pananagutan ng tagapagbayad na ikatlong partido ay hindi kwalipikado para sa Tulong Pinansiyal.

    e) Binabayaran ng tagapagbayad ang pasyente mismo:Kung tumatanggap ang pasyente ng bayad para sa mga serbisyo nang direkta para sa danyos perwisyo, Medicare Supplement, o iba pang tagapagbayad, hindi kwalipikado ang pasyente para sa Tulong Pinansiyal para sa mga iba pang serbisyo.

    f) Pagpapalsipika ng Impormasyon:Maaaring tumanggi ang Mga Ospital na pagkalooban ng Tulong Pinansiyal ang mga pasyente na nagpapalsipika ng impormasyon hinggil sa Kinikita ng Pamilya, bilang ng tao sa sambahayan o iba pang impormasyon sa kanilang aplikasyon para sa pagiging kwalipikado.

    g) Mga nakukubra mula sa ikatlong partido:Kung tumatanggap ang pasyente ng pinansiyal na areglo o hatol mula sa third-party tortfeasor na nagdulot ng pinsala sa pasyente, kailangang gamitin ng pasyente ang halaga ng areglo o hatol para bayaran ang anumang mga balanse sa account ng pasyente, at hindi kwalipikado para sa Tulong Pinansiyal.

    h) Mga Serbisyo ng Propesyonal (doktor):Mga serbisyo ng mga doktor tulad ng mga anesthesiologist, radiologist, hospitalist, pathologist, atbp. na hindi sakop sa ilalim ng patakarang ito.Anumang mga eksepsyon ay nakasaad sa Exhibit A.Maraming doktor ang may mga patakaran sa pangangalagang pangkawang-gawa na nagpapahintulot sa mga pasyenteng mag-apply para sa libre o nadiskuwentuhang pangangalaga.Dapat kumuha ang mga pasyente ng impormasyon tungkol sa patakaran ng isang doktor sa pangangalagang pangkawang-gawa mula mismo sa kanilang doktor.

B. PROSESO NG APLIKASYON

1. Gagawin ng bawat Ospital ang lahat ng makatwirang pagsisikap para kunin sa pasyente o sa kanyang kinatawan ang impormasyon tungkol sa kung sasagutin ba ng pribado o publikong insurance sa kalusugan ang kabuuan o bahagi ng mga sinisingil para sa pangangalagang ipinagkaloob ng Ospital sa pasyente.Ang isang pasyenteng nagpapahayag sa anumang oras ng kawalan ng kakayahang pinansiyal para bayaran ang bill para sa Mga Serbisyo ng Ospital ay pag-aaralan para sa Tulong Pinansiyal.Upang maging kwalipikado bilang Pasyenteng Walang Insurance, kailangang patunayan ng pasyente o ng guarantor ng pasyente na wala siyang nalalamang anumang karapatan sa mga benepisyo sa insurance o programa ng pamahalaan na sasagot o magbibigay ng diskuwento sa bill. Dapat mahikayat ang lahat ng pasyente na siyasatin ang kanilang posibleng kwalipikasyon para sa programang tulong ng pamahalaan kung hindi pa nila ito nagagawa.

2. Gagamitin ng mga pasyenteng nagnanais mag-apply para sa Tulong Pinansiyal ang Sutter Health standardized application form, ang “Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal”, Exhibit B.

3. Maaaring humingi ng tulong ang mga pasyente sa pagkumpleto sa Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal nang personal sa Mga Ospital ng Sutter Health na nakalista sa Exhibit A, sa telepono sa 855-398-1633, sa pamamagitan ng sulat, o sa pamamagitan ng Sutter Health website (www.sutterhealth.org).

4. Dapat ipadala ng mga pasyente ang Mga Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal sa Sutter Health, P. O. Box 619010, Roseville, CA95661-9998 Attn: Charity Care Application.

5. Dapat kumpletuhin ng mga pasyente ang Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal sa lalong madaling panahon matapos tumanggap ng mga serbisyo sa Ospital.Ang hindi pagkumpleto at pagsusumite ng aplikasyon sa loob ng 240 araw makalipas ang petsa na unang nagpadala ang Ospital ng bill matapos lumabas ng ospital ay maaaring magresulta sa pagkakait ng Tulong Pinansiyal.

C. PAGPAPASIYA SA TULONG PINANSIYAL

1. Pag-aaralan ng Ospital ang Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal ng bawat aplikante at igagawad ang Tulong Pinansiyal kapag natutugunan ng pasyente ang mga pamantayang nakasaad sa seksyon A.1 at nakatanggap (o tatanggap) ng (mga) Serbisyo ng Ospital.

2. Maaari ding mag-apply ang mga pasyente para sa programa ng tulong ng pamahalaan na maaaring nararapat kung ang partikular na pasyente ay nangangailangan ng mga nagpapatuloy na serbisyo.

    a) Dapat tulungan ng Ospital ang mga pasyente sa pagpapasiya kung sila ay kwalipikado ba para sa anumang tulong ng pamahalaan o iba pang tulong, o kung kwalipikado ang pasyente na magpatala sa mga plano sa California Health Benefit Exchange (ibig sabihin Covered California).

    b) Kung ang isang pasyente ay nag-a-apply, o may nakabinbin na aplikasyon, para sa ibang programa ng coverage sa kalusugan sa parehong panahong nag-a-apply siya para sa Tulong Pinansiyal, ang aplikasyon para sa coverage sa ilalim ng ibang programa ng coverage sa kalusugan ay hindi magiging hadlang para maging kwalipikado ang pasyente sa Tulong Pinansiyal.

3. Sa sandaling magawa ang kapasiyahan sa Kumpletong Pangangalagang Pangkawang-gawa o Pangangalagang Pangkawang-gawa para sa Mataas na Gastusing Medikal, isang “Form ng Notipikasyon” (Exhibit D) ang ipadadala sa bawat aplikante na nagsasabi sa kanila tungkol sa desisyon ng Ospital.

4. Ang mga pasyente ay ipinapalagay na kwalipikado para sa Tulong Pinansiyal para sa panahong isang taon matapos na ibigay ng Ospital ang Form ng Notipikasyon sa pasyente.Makalipas ang isang taon, kailangang mag-apply muli ang mga pasyente para sa Tulong Pinansiyal.

5. Kung ang pagpapasiya sa Tulong Pinansiyal ay magdudulot ng credit balance na pabor sa isang pasyente, kasama sa refund ng credit balance ang interes sa halagang sobrang naibayad mula sa petsa ng pagbabayad ng pasyente sa rate na iniaatas ng batas (10% bawat taon) alinsunod sa seksyon 127440 ng Health and Safety Code, basta't hindi iniaatas sa Mga Ospital na i-refund ang credit balance na, kasama ng interes, ay mas mababa sa limang dolyar ($5).

D. MGA PAGKUKUWESTIYON

Maaaring hingin ng isang pasyente na mapag-aralan muli ang anumang desisyon ng Ospital na ipagkait ang Tulong Pinansiyal sa pamamagitan ng pagbibigay-abiso sa indibidwal na responsable para sa pinansiya sa Ospital o ang nahirang, tungkol sa batayan ng pagkukuwestiyon at ang ninanais na kalutasan sa loob ng tatlumpong (30) araw makalipas tanggapin ng pasyente ang abiso tungkol sa mga pangyayaring nagbunsod ng pagkukuwestiyon. Maaaring isumite ng mga pasyente ang pagkukuwestiyon nang pasalita o pasulat.Pag-aaralan muli ng indibidwal na responsable sa pinansiya sa Ospital o ang nahirang ang pagkukuwestiyon ng pasyente sa lalong madaling panahon at pasasabihan ang pasyente tungkol sa anumang desisyon sa pamamagitan ng sulat.

E. AVAILABILITY NG IMPORMASYON SA TULONG PINANSIYAL

1. **Mga Lengguwahe**:Ang Patakarang ito ay makukuha sa (mga) Pangunahing Lengguwahe sa Lugar na Sineserbisyuhan ng Ospital.Dagdag pa, lahat ng abiso/komunikasyon na ibinibigay sa seksyong ito ay magiging available sa (mga) Pangunahing Lengguwahe sa Lugar na Sineserbisyuhan ng Ospital at sa paraang naaayon sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon ng pamahalaang pederal o ng estado.

2. **Impormasyong Ibinibigay sa Mga Pasyente Habang Ipinagkakaloob ang Mga Serbisyo ng Ospital**:

   a) Preadmission o Pagrerehistro:Habang nasa preadmission o pagrerehistro (o kaagad pagkatapos nito kung maaari), bibigyan ng Ospital ang lahat ng pasyente ng kopya ng Exhibit E, na kinabibilangan ng buod ng patakaran sa Tulong Pinansiyal sa simpleng lengguwahe at naglalaman rin ng impormasyon hinggil sa kanilang karapatang humingi ng pagtatantiya ng kanilang pinansiyal na pananagutan para sa mga serbisyo. Tutukuyin ng Mga Ospital ang departamento na maaaring puntahan ng Mga Pasyente para tumanggap ng impormasyon tungkol sa, at tulong sa pag-a-apply para sa, Tulong Pinansiyal.

   b) Mga Tagapayo sa Tulong Pinansiyal:Ang mga pasyenteng maaaring Mga Pasyenteng Walang Insurance ay itatalaga sa mga Tagapayong Pampinansiyal, na bibisita mismo sa mga pasyente sa ospital. Magbibigay ang mga Tagapayong Pampinansiyal sa ganoong mga pasyente ng aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal, pati na rin ang impormasyon ng kokontakin na tauhan ng ospital na makapagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa patakarang ito sa Tulong Pinansiyal, at tutulong sa proseso ng aplikasyon.

   c) Mga Serbisyong Pang-emergency:Sa kaso ng mga serbisyong pang-emergency, bibigyan ng Ospital ang lahat ng pasyente ng buod ng patakaran sa Tulong Pinansiyal sa simpleng lengguwahe kapag maaari na matapos mapatatag ang emergency na kondisyong medikal ng pasyente o matapos lumabas ng ospital.

   d) Mga Aplikasyong Ibinibigay sa panahon ng Paglabas ng Ospital:Sa panahon ng paglabas ng ospital, bibigyan ng Ospital ang lahat ng Pasyente ng kopya ng Exhibit E, na kabibilangan ng isang buod ng patakaran sa Tulong Pinansiyal sa simpleng lengguwahe at sa lahat ng Pasyenteng Walang Insurance ng mga aplikasyon para sa Medi-Cal at California Children's Services o anumang iba pang posibleng naaangkop na programa ng pamahalaan.

3. **Impormasyong Ibinibigay sa Mga Pasyente sa Mga Iba pang Pagkakataon**:

   a) Impormasyon ng Kokontakin:Maaaring tumawag ang mga pasyente sa 1-855-398-1633 o kontakin ang departamento ng Ospital na nakalista sa Exhibit G para kumuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Tulong Pinansiyal at tulong sa proseso ng aplikasyon.

b) Mga Billing Statement:Sisingilin ng Mga Ospital ang mga pasyente alinsunod sa Patakaran ng Sutter Health Hospital sa Billing at Paniningil.Kasama sa mga billing statement sa mga pasyente ang Exhibit E, na naglalaman ng buod ng patakaran sa Tulong Pinansiyal sa simpleng lengguwahe, numero ng telepono na tatawagan ng mga pasyenteng may mga tanong tungkol sa Tulong Pinansiyal, at ang website address kung saan makakakuha ang mga pasyente ng karagdagang impormasyon tungkol sa Tulong Pinansiyal kabilang ang Patakaran sa Tulong Pinansiyal, isang buod ng patakaran sa simpleng lengguwahe, at Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal. Isang buod ng inyong mga legal na karapatan ang kasama sa Exhibit F, at kasama rin sa pinal na billing statement ng pasyente.

c) Kapag Hiningi:Bibigyan ng Mga Ospital ang mga pasyente ng mga nakasulat sa papel na kopya ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal, ng Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal, at ng buod ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal sa simpleng lengguwahe kapag hiningi at nang walang bayad.

4. **Publisidad ng Impormasyon sa Tulong Pinansiyal**

a) Pagpapaskil sa Publiko:Ipapaskil ng Mga Ospital ang mga kopya ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal, ng Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal, at ng buod ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal sa simpleng lengguwahe sa isang kapansin-pansing lokasyon sa emergency room, sa lugar ng admissions, at mga iba pang lokasyon sa ospital kung saan may maraming pasyente, kabilang ngunit hindi limitado sa mga waiting room, mga opisina ng billing, at mga lugar ng serbisyo ng ospital sa outpatient. Isasama ng mga abiso sa publiko na ito ang impormasyon tungkol sa karapatan na humingi ng pagtatantiya ng pinansiyal na pananagutan para sa mga serbisyo.

b) Website:Ang Patakaran sa Tulong Pinansiyal, Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal at buod na nakasulat sa simpleng lengguwahe ay makukuha sa madaling makikitang lugar sa Sutter Health website (www.sutterhealth.org) at sa website ng bawat indibidwal na Ospital.Ang mga taong humihingi ng impormasyon tungkol sa Tulong Pinansiyal ay hindi kailangang gumawa ng account o magbigay ng anumang personal na impormasyon bago tumanggap ng impormasyon tungkol sa Tulong Pinansiyal.

c) Sulat:Maaaring hingin ng mga pasyente na maipadala ang kopya ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal, Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal at buod na nakasulat sa simpleng lengguwahe sa koreo, nang walang babayaran ang Pasyente.

d) Mga Advertisement/Press Release: Kung kinakailangan, at hindi mas madalang kaysa sa taun-taon maglalagay ang Sutter Health ng advertisement hinggil sa pagkakaroon ng Tulong Pinansiyal sa Mga Ospital sa (mga) pangunahing diyaryo sa mga komunidad na pinaglilingkuran ng Sutter Health, o kung hindi praktikal ito, magpapalabas ang Sutter ng Press Release na naglalaman ng ganitong impormasyon, o gagamit ng mga iba pang paraan na sa pagpapasya ng Sutter Health ay magbibigay-abiso sa publiko tungkol sa pagkakaroon ng patakaran sa mga apektadong pasyente sa ating mga komunidad.

e) Kabatiran sa Komunidad:Makikipagtulungan ang Sutter Health sa mga kaanib na organisasyon, doktor, klinika sa komunidad at iba pang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na abisuhan ang mga miyembro ng komunidad (lalo na yaong pinakamalamang na mangailangan ng Tulong Pinansiyal) tungkol sa pagkakaroon ng Tulong Pinansiyal.

F. MGA IBA PA

1. **Pagtatala ng Record**:
Ang mga record tungkol sa Tulong Pinansiyal ay kailangang madaling makuha.Kailangang magpanatili ang Ospital ng impormasyon hinggil sa bilang ng mga Pasyenteng Walang Insurance na nakatanggap ng mga serbisyo mula sa ospital, bilang ng mga nakumpletong aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal, bilang ng naaprubahan, tinatantiyang dolyar na halaga ng mga naipagkaloob na benepisyo, bilang ng mga hindi naaprubahang aplikasyon, at ang mga dahilan ng hindi pag-apruba.Dagdag pa, ang mga talang nauugnay sa

pagkakaapruba o hindi pagkakaapruba ng pasyente para sa Tulong Pinansiyal ay dapat maipasok sa account ng pasyente.

2. **Mga Plano ng Pagbabayad**:
   Maaaring kwalipikado ang mga pasyente sa isang plano ng pagbabayad. Iaalok at pagkakasunduan ang plano ng pagbabayad ayon sa Patakaran ng Sutter Health Hospital sa Billing at Paniningil.

3. **Billing at Mga Paniningil**:
   Maaaring gamitin ng Mga Ospital ang mga makatwirang pagsisikap sa pangongolekta upang kunin ang bayad mula sa Mga Pasyente.Ang impormasyong nakuha habang nasa proseso ng aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal ay hindi maaaring gamitin sa proseso ng pangongolekta, ng alinman sa Ospital o ng anumang tagasingil na ahensiya na binabayaran ng Ospital.Ang mga pangkalahatang gawaing pangongolekta ay maaaring kabibilangan ng pagbibigay sa pasyente ng mga statement, tawag sa telepono, at ang referral ng mga statement ay naipadala na sa pasyente o guarantor. Kailangang gumawa ang Mga Kaanib at mga Revenue Cycle department ng mga pamamaraan upang tiyakin na ang mga pagtatanong o reklamo ng pasyente tungkol sa mga bill ay sasaliksikin at itatama kung naaangkop, na may napapanahong follow-up sa pasyente.Hindi gagawa ang Ospital o alinmang tagasingil na ahensiya ng anumang ekstraordinaryong hakbang na paniningil (ayon sa kahulugang ibinibigay ng Patakaran ng Sutter Health Hospital sa Billing at Paniningil). Maaaring makuha nang walang bayad ang mga kopya ng patakaran ng Ospital sa Billing at Paniningil sa Sutter Health website sa www.sutterhealth.org o sa pamamagitan ng pagtawag sa 855-398-1633 o sa loob ng mga opisina ng Pagrerehistro ng Pasyente sa Ospital, Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente at sa departamento ng emergency.

4. **Pagsusumite sa OSHPD**:
   Magsusumite ang Mga Ospital ng Sutter Health ng mga patakaran sa Tulong Pinansiyal sa Office of Statewide Planning and Healthcare Development (OSHPD). Ang mga patakaran ay makikita sa OSHPD website dito:https://syfphr.oshpd.ca.gov/

5. **Mga Halagang Sinisingil na Pangkalahatan**:
   Alinsunod saInternal Revenue Code Section1. 501(r)-5, ipinapatupad ng Sutter Health ang prospektibong paraan ng Medicare para sa mga halagang sinisingil na pangkalahatan; gayunpaman, ang mga pasyenteng kwalipikado para sa tulong pinansiyal ay hindi pinansiyal na responsable para sa higit sa mga halagang sinisingil na pangkalahatan dahil ang mga kwalipikadong pasyente ay hindi nagbabayad ng anumang halaga.

SANGGUNIAN

Internal Revenue Code section 501(r)

26 Code of Federal Regulations 1.501(r)-1 hanggang 1.501(r)-7

California Health and Safety Code seksyon 124700 hanggang 127446

Ang patakarang ito ay inilaang babasahin nang kasama ang Patakaran ng Sutter Health sa Billing at Paniningil (Patakaran sa Pinansiya 14-227).

MGA NAKALAKIP

Exhibit A – Mga Tagapagbigay ng Serbisyo na Sakop at Hindi Sakop ng Patakaran
Exhibit B – Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal
Exhibit C – Worksheet sa Kalkulasyon ng Tulong Pinansiyal
Exhibit D – Form ng Notipikasyon sa Pagpapasiya ng Sutter Health sa Kwalipikasyon para sa Pangangalagang Pangkawang-gawa
Exhibit E – Importanteng Impormasyon sa Billing para sa Mga Pasyente
Exhibit F – Abiso sa Mga Karapatan
Exhibit G – Mga Ospital na Kaanib sa Sutter Health, Pisikal na Address at Website Address para sa Tulong Pinansiyal

Exhibit A

Mga Tagapagbigay ng Serbisyo na Sakop at Hindi Sakop ng Patakaran

Ang mga tagapagbigay ng serbisyo na nakalista sa http://www.sutterhealth.org/communitybenefit/financial-assistance.html ay **sakop** sa ilalim ng Patakarang ito.

Ang mga tagapagbigay ng serbisyo na nakalista sa http://www.sutterhealth.org/communitybenefit/financial-assistance.html ay **HINDI sakop** sa ilalim ng Patakarang ito

Exhibit B
APLIKASYON PARA SA TULONG PINANSIYAL

PANGALAN NG PASYENTE _____
ASAWA _____
ADDRESS _____
TELEPONO _____
ACCOUNT# _____ SNN _____

(PASYENTE) (ASAWA)

KATAYUAN NG PAMILYA: Isulat ang sinumang asawa, kinakasama, o mga anak na mas bata sa 21 taon.Kung ang pasyente ay menor de edad, isulat ang lahat ng magulang, mga tagapag-alagang kamag-anak, at mga kapatid na mas bata sa 21 taon

Pangalan	Edad	Relasyon
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____
_____	_____	_____

TRABAHO AT HANAPBUHAY

Employer:_____ Posisyon:_____

Taong Kokontakin at Telepono: _____

KungMay Sariling Hanap-buhay, Pangalan ng Negosyo:_____

Employer ng Asawa: _____ Posisyon:_____

Taong Kokontakin at Telepono: _____

KungMay Sariling Hanap-buhay, Pangalan ng Negosyo: _____

KASALUKUYANG BUWANANG KINIKITA

		Pasyente	Ibang Kapamilya
	Gross Pay (bago kinaltasan)		
Idagdag ang:	Kita mula sa Pagpapatakbo ng Negosyo (kung May Sariling Hanap-buhay)	_____	_____
Idagdag ang:	Iba pang Kinikita:		
	Mga Interes at Dibidendo	_____	_____
	Mula sa Real Estate o Personal na Ari-arian	_____	_____
	Social Security	_____	_____
	Iba (tukuyin):	_____	_____
	Alimony o Sustentong Natanggap	_____	_____
Ibawas ang:	Alimony, Sustentong Natanggap	_____	_____
Katumbas ng:	Kasalukuyang Buwanang Kinikita	_____	_____
	Kabuuang Kasalukuyang Buwanang Kinikita (idagdag ang Pasyente + Asawa)	_____	_____
	Kita mula sa itaas	_____	_____

BILANG NG MIYEMBRO NG PAMILYA

Kabuuang Bilang ng Miyembro ng Pamilya _____
(Idagdag ang pasyente, mga magulang (para sa mga pasyenteng menor de edad), asawa at mga anak mula sa itaas)

Oo Hindi

Mayroon ba kayong insurance sa kalusugan?	☐	☐
Mayroon ba kayong iba pang Insurance na maaaring gamitin (tulad ng polisa sa sasakyan)?	☐	☐
Ang inyong mga sugat ba ay dulot ng ikatlong partido (tulad ng aksidente sa sasakyan o pagkadulas o pagtumba)?	☐	☐

Sa pamamagitan ng paglagda sa form na ito, sumasang-ayon akong pahintulutan ang Sutter Health na siyasatin ang pagtatrabaho para sa layuning pagpapasiya ng aking kwalipikasyon para sa pinansiyal na diskuwento, nauunawaan ko na maaaring kailangan kong magbigay ng katibayan ng impormasyong ibinibigay ko.

_____ _____
(Lagda ng Pasyente o Guarantor) (Petsa)

_____ _____
(Lagda ng Asawa) (Petsa)

Exhibit C
WORKSHEET SA KALKULASYON NG TULONG PINANSIYAL

Pangalan ng Pasyente: _____Account # *ng Pasyente:* _____
Ospital: _____

Mga Espesyal na Konsiderasyon/Pangyayari:_____
_____
_____

	Oo	Hindi/Wala
Mayroon bang Insurance sa Kalusugan ang Pasyente?	☐	☐
Kwalipikado ba ang Pasyente para sa Medicare?	☐	☐
Kwalipikado ba ang Pasyente para sa Medi-Cal?	☐	☐
Kwalipikado ba ang Pasyente para sa Iba pang Mga Programa ng Pamahalaan (ibig sabihin Mga Biktima ng Krimen, atbp.)?	☐	☐

Kung ang pasyente ay mag-a-apply, o may nakabinbin na aplikasyon, para sa ibang programa ng coverage sa kalusugan sa parehong panahon na nag-apply siya para sa pangangalagang pangkawang-gawa sa ospital o programa ng diskuwento sa bayad, hindi makakahadlang ang alinmang aplikasyon sa kwalipikasyon para sa ibang programa.

Mayroon bang ibang insurance ang Pasyente (ibig sabihin auto medpay)?	☐	☐
Ipinaseguro ba ng ikatlong partido ang Pasyente?	☐	☐
Nagbabayad ba para sa Sarili ang Pasyente?	☐	☐

Kalkulasyon ng Tulong Pinansiyal:
Kabuuang Pinagsamang Kasalukuyang Buwanang Kinikita ng Pamilya (Mula sa Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal) $_____

Bilang ng Miyembro ng Pamilya (Mula sa Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal) _____

Natugunan ang Kwalipikasyon para sa Tulong Pinansiyal Oo Hindi

Exhibit D

FORM NG NOTIPIKASYON
SUTTER HEALTH
PAGPAPASIYA NG PAGIGING KWALIPIKADO PARA SA TULONG PINANSIYAL

Nagsagawa ang Sutter Health ng pagpapasiya ng pagiging kwalipikado para sa tulong pinansiyal para kay:

_____	_____	_____
PANGALAN NG PASYENTE	ACCOUNT NUMBER	(MGA) PETSA NG SERBISYO

Ang kahilingan para sa tulong pinansiyal ay ginawa ng pasyente o sa ngalan ng pasyente noong_____.
Ang pagpapasiya ay nakumpleto noong _____.

Batay sa impormasyong ibinigay ng pasyente o sa ngalan ng pasyente, ginawa ang sumusunod na pagpapasiya:

Ang inyong kahilingan para sa tulong pinansiyal ay naaprubahan para sa mga serbisyong ibinigay noong _____.
Matapos ilapat ang pagbabawas sa tulong pinansiyal, ang halagang babayaran ay $_____.

Ang inyong kahilingan para sa tulong pinansiyal ay naghihintay ng pag-apruba. Gayunpaman, kailangan ang sumusunod na impormasyon bago mailapat ang anumang adjustment sa inyong account:

_____
_____
_____
_____
_____

Ang inyong kahilingan para sa tulong pinansiyal ay hindi naaprubahan dahil:

DAHILAN: _____
_____
_____
_____
_____

Ang pagkakaloob ng tulong pinansiyal ay nakabatay sa pagkakumpleto at katumpakan ng impormasyong ibinibigay sa ospital.Kung matuklasan ng ospital na kayo ay nasugatan ng ibang tao, mayroon kayong karagdagang kita, mayroon kayong karagdagang insurance o nagbigay kayo ng hindi kumpleto o hindi tumpak na impormasyon hinggil sa inyong kakayahang magbayad para sa mga ibinigay na serbisyo, maaaring bawiin ng ospital ang kapasiyahan nitong ipagkaloob ang Tulong Pinansiyal at panagutin kayo at/o ang mga ikatlong partido para sa mga sinisingil ng ospital.

Kung ang isang aplikasyon ay naisumite na sa ibang programa ng coverage sa kalusugan sa parehong panahon na magsusumite kayo ng aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal, hindi magiging hadlang ang alinman sa mga aplikasyong ito upang maging kwalipikado kayo para sa mga ibang programa.

Kung mayroon kayong anumang mga tanong sa pagpapasiyang ito, pakikontak ang:

_____
Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente
855-398-1633

Exhibit E

Importanteng Impormasyon ng Billing para sa Mga Pasyente
Buod ng Tulong Pinansiyal sa Simpleng Lengguwahe

Salamat sa pagpili ninyo sa Sutter Health. Ang handout na ito ay dinisenyo para tulungan ang aming mga pasyente na maintindihan ang Tulong Pinansiyal na makukuha ng mga kwalipikadong pasyente, ang proseso ng aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal, at ang mga pagpipilian ninyong paraan ng pagbabayad. Hindi isasama ng inyong bill sa ospital ang anumang bill para sa mga serbisyo na maaari ninyong matanggap habang naka-ospital kayo mula sa mga doktor, mga anesthesiologist, mga clinical professional, mga kompanya ng ambulansiya, at iba pang mga tagapagbigay ng serbisyo na maaaring hiwalay na maningil sa inyo para sa kanilang mga serbisyo.Kung gusto ninyong humingi ng tulong sa pagbabayad sa inyong mga bill mula sa mga tagapagbigay ng serbisyo na ito, kailangan sila mismo ang inyong kokontakin.

Mga Serbisyong Pang-emergency: Kung tumanggap kayo ng mga serbisyong pang-emergency sa ospital, makakatanggap kayo ng hiwalay na bill para sa doktor sa emergency room.Anumang tanong patungkol sa mga serbisyo ng doktor sa emergency room ay dapat idulog sa doktor na iyon.Ang isang doktor sa emergency room, ayon sa kahulugan sa Seksyon 127450 ng Health and Safety Code, na nagbibigay ng mga pang-emergency na serbisyong medikal sa ospital na nagbibigay ng pangangalagang pang-emergency ay inaatasan ng batas na magbigay ng mga diskuwento sa mga pasyenteng walang insurance o mga pasyenteng may insurance na may mataas na gastusing medikal na nasa o mas mababa sa 350% ng federal poverty level.

Mga Opsyon sa Pagbabayad: Ang Sutter Health ay may maraming opsyon para tulungan kayo sa pagbabayad sa inyong bill sa ospital.

Mga Plano ng Pagbabayad: Ang mga balanse ng account ng pasyente ay kailangang bayaran pagkatanggap.Maaaring piliin ng mga pasyente na makipagkasundo para sa pagbabayad sa kanilang bill sa ospital. Ang Pinansiyal na Kasunduan ay kailangang lagdaan bago tanggapin ng opisina ng Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente ang mga kasunduan sa pagbabayad na nagpapahintulot sa mga pasyenteng bayaran ang kanilang mga bill sa ospital sa loob ng takdang panahon. Ang mga kasunduang ito ay walang interes para sa mga pasyenteng walang insurance na mababa ang kinikita at mga partikular na pasyenteng kwalipikado dahil sa kinikita na may mataas na gastusing medikal.Ang plano ng pagbabayad ay pinag-uusapan ng Ospital at ng pasyente.

Pagiging Kwalipikado sa Medi-Cal at Programa ng Pamahalaan: Maaaring kwalipikado kayo sa isang programa ng benepisyo sa kalusugan na itinataguyod ng pamahalaan.Ang Sutter Healthay may mga tauhang nakahandang tumulong sa inyo sa pag-a-apply para sa mga programa ng pamahalaan tulad ng Medi-Cal. Pakikontak ang Tulong Pinansiyal sa Pasyente sa (855) 398-1633 kung gusto ninyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga programa ng pamahalaan, o kailangan ninyo ng tulong sa pag-a-apply sa ganoong mga programa.Ang pasilidad na ito ay nakikipagkontrata rin sa mga organisasyong maaaring makatulong pa sa inyo sa pag-a-apply sa tulong ng pamahalaan, kung kailangan.

Covered California: Maaaring kwalipikado kayo para sa coverage sa pangangalagang pangkalusugan sa ilalim ng Covered California, na siyang health benefit exchange ng California sa ilalim ng Affordable Care Act.Kontakin ang departamento ng ospital para sa tulong pinansiyal sa (855) 398-1633 para sa karagdagang detalye at tulong upang alamin kung kwalipikado kayo para sa coverage sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California.

Buod ng Tulong Pinansiyal (Pangangalagang Pangkawang-gawa): Naninindigan ang Sutter Health sa pagkakaloob ng tulong pinansiyal sa mga kwalipikadong pasyenteng mababa ang kinikita at mga pasyenteng may insurance na humihinging bayaran ng pasyente ang malaking bahagi ng kanilang pangangalaga. Ang sumusunod ay isang buod ng mga hinihingi para sa kwalipikasyon para sa Tulong Pinansiyal at ang proseso ng aplikasyon para sa pasyenteng nagnanais humingi ng Tulong Pinansiyal.Ang mga sumusunod ang kategorya ng mga pasyenteng kwalipikado para sa Tulong Pinansiyal:

- Mga pasyenteng walang ikatlong partidong pagmumulan ng pambayad, tulad ng kompanya ng insurance o programa ng pamahalaan, para sa anumang bahagi ng kanilang mga gastusing medikal **at** ang kinikita ng kanilang pamilya ay kapantay ng o mas mababa sa 400% ng federal poverty level.

- Mga pasyenteng sakop ng insurance ngunit (i) ang kinikita ng pamilya ay kapantay ng o mas mababa sa 400% ng federal poverty level; **at** (ii) ang mga gastusing medikal para sa kanilang sarili o sa kanilang pamilya (na nagastos sa kaanib ng ospital o binayaran sa mga ibang provider sa nakalipas na 12 buwan) ay lumalampas sa 10% ng kinikita ng pamilya ng pasyente.

- Mga pasyenteng sakop ng insurance ngunit nagamit na nila ang lahat ng kanilang benepisyo bago o habang sila'y nasa ospital, at ang kinikita ng kanilang pamilya ay kapantay ng o mas mababa sa 400% ng federal poverty level.

Maaari kayong mag-apply para sa Tulong Pinansiyal gamit ang form ng aplikasyon na makukuha sa Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente, na makikita sa mga Departamento ng Patient Access / Registration sa Ospital o sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente sa 855-398-1633, o sa website ng Sutter Health o ng Ospital (www.sutterhealth.org).Maaari din kayong magsumite ng aplikasyon sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa isang kinatawan mula sa Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente, na siyang tutulong sa inyo sa pagkumpleto sa aplikasyon.Habang nasa proseso ng aplikasyon hihingin sa inyong magbigay kayo ng impormasyon hinggil sa bilang ng tao sa inyong pamilya, sa inyong buwanang kinikita, at iba pang impormasyon na tutulong sa ospital para ipasiya kung kwalipikado kayo para sa Tulong Pinansiyal.Maaaring hingin sa inyo na magbigay kayo ng pay stub o mga record sa buwis para tulungan ang Sutter na patunayan ang inyong kinikita.

Pagkatapos ninyong magsumite ng aplikasyon, pag-aaralan ng ospital ang impormasyon at aabisuhan kayo sa pamamagitan ng sulat hinggil sa inyong kwalipikasyon.Kung mayroon kayong anumang mga tanong habang nasa proseso ng aplikasyon, maaari ninyong tawagan ang opisina ng Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente sa (855) 398-1633.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng ospital, maaari kayong magsumite ng pagkukuwestiyon sa opisina ng Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente.

Makukuha nang personal ang mga kopya ng Patakaran ng Ospital sa Tulong Pinansiyal na ito, ng Buod sa Simpleng Lengguwahe at Aplikasyon, pati na rin ang mga aplikasyon para sa programa ng pamahalaan na makukuha sa maraming lengguwahe sa aming mga opisina ng Pagrerehistro ng Pasyente at Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente at sa www.sutterhealth.org at makukuha sa pamamagitan ng koreo.Mapapadalhan rin namin kayo ng kopya ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal nang walang bayad kung tatawagan ninyo ang aming opisina ng Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente sa 855-398-1633.

Alinsunod saInternal Revenue Code Section1. 501(r)-5, ipinapatupad ng Sutter Health ang prospektibong paraan ng Medicare para sa mga halagang sinisingil na pangkalahatan; gayunpaman, ang mga pasyenteng kwalipikado para sa tulong pinansiyal ay hindi pinansiyal na responsable para sa higit sa mga halagang sinisingil na pangkalahatan dahil ang mga kwalipikadong pasyente ay hindi nagbabayad ng anumang halaga.

Mga nakabinbin na aplikasyon: Kung ang isang aplikasyon ay naisumite na sa ibang programa ng coverage sa kalusugan sa parehong panahon na magsusumite kayo ng aplikasyon para sa pangangalagang pangkawang-gawa, hindi magiging hadlang ang alinman sa mga aplikasyong ito upang maging kwalipikado kayo para sa mga ibang programa.

Abiso sa Availability ng Mga Pinansiyal na Pagtatantiya: Maaari kayong humingi ng nakasulat na pagtatantiya ng inyong pinansiyal na pananagutan para sa mga serbisyo ng ospital.Ang mga kahilingan para sa mga pagtatantiya ay kailangang gawin sa mga oras ng trabaho.Ibibigay sa inyo ng pagtatantiya ang pagtatantiya ng halagang hihingin ng ospital na bayaran ng pasyente para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, mga pamamaraan, at supply na makatwirang inaasahang ibibigay ng ospital.Ang mga pagtatantiya ay batay sa karaniwang haba ng pamamalagi at mga serbisyong ipinagkakaloob para sa diagnosis ng pasyente.Ang mga ito ay hindi mga pangako na magbibigay ng mga serbisyo sa mga nakapirming halaga.Ang pinansiyal na pananagutan ng isang pasyente ay maaaring mas marami o mas kaunti kaysa sa tinantiya batay sa mga serbisyo na aktuwal na natatanggap ng pasyente.

Makapagbibigay ang ospital ng mga tantiya ng halaga ng mga serbisyo ng ospital lamang.Maaaring may mga karagdagang babayaran para sa mga serbisyo na ibibigay ng mga doktor habang nasa ospital ang pasyente, tulad ng mga bill mula sa mga personal na doktor, at mga anesthesiologist, pathologist, radiologist, kompanya ng ambulansiya, o iba pang medikal na propesyonal na hindi

empleyado ng ospital.Maaaring makatanggap ang mga pasyente ng hiwalay na bill para sa mga serbisyong ito.

Kung mayroon kayong anumang mga tanong tungkol sa mga nakasulat na pagtatantiya, pakikontak ang Patient Access sa 855-398-1637. Kung mayroon kayong anumang mga tanong, o kung gusto ninyong magbayad sa pamamagitan ng telepono, pakikontak ang Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente sa 855-398-1633.

Exhibit F

Abiso sa Mga Karapatan

Salamat sa pagpili ninyo sa Sutter Health para sa inyong mga kamakailan lang na serbisyo.Pakitingnan ang nakalakip na pahayag ng mga babayaran para sa pagbisita ninyo sa ospital.**Ang bayad ay kailangang maibigay kaagad.**Maaaring kwalipikado kayo sa mga diskuwento kung matutugunan ninyo ang mga partikular na pinansiyal na kwalipikasyon, na ipinaliliwanag sa ibaba, o kung ibibigay ninyo nang maagap ang inyong bayad.

Pakatandaan sana na ang bill na ito ay para lamang sa mga serbisyo ng ospital.Maaaring may mga karagdagang babayaran para sa mga serbisyo na ibibigay sa inyo ng mga doktor habang kayo ay nasa ospital, tulad ng mga bill mula sa mga doktor, at mga anesthesiologist, pathologist, radiologist, serbisyo ng ambulansiya, o iba pang medikal na propesyonal na hindi empleyado ng ospital.Maaaring makatanggap kayo ng hiwalay na bill para sa kanilang mga serbisyo.

Buod ng Inyong Mga Karapatan: Iniaatas ng batas ng estado at pederal na pamahalaan na tratuhin kayo ng mga tagakolekta ng utang nang patas at pinagbabawalan ang mga tagakolekta ng utang sa paggawa ng mga maling pahayag o pagbabanta ng karahasan, paggamit ng malaswa o bastos na pananalita, o di naaangkop na pakikipagkomunikasyon sa mga ikatlong partido, kabilang ang inyong employer.Maliban sa mga hindi karaniwang pangyayari, hindi kayo maaaring kontakin ng mga tagakolekta ng utang bago 8:00 a.m. o makalipas ang 9:00 p.m.Sa kalahatan, ang impormasyon tungkol sa inyong utang ay hindi maaaring ibigay ng tagakolekta ng utang sa ibang tao, maliban sa inyong abogado o asawa.Maaaring makipag-ugnayan ang tagakolekta ng utang sa ibang tao para kumpirmahin ang inyong lokasyon o para magpatupad ng utos ng korte.Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga gawaing pangongolekta ng utang, maaari ninyong kontakin ang Federal Trade Commission sa telepono sa 1-877-FTC-HELP (382-4357) o online sa www.ftc.gov.

Maaaring may madudulugan kayo sa inyong lugar na mga hindi pinagkakakitaang serbisyong pagpapayo sa kredito, pati na rin tulong sa konsyumer mula sa mga lokal na opisina ng mga serbisyong legal.Pakikontak ang opisina ng Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente sa 855-398-1633 para sa referral

Ang Sutter Health ay may mga kasunduan sa mga tagasingil na ahensiya sa labas para mangolekta ng mga bayad mula sa mga pasyente.Iniaatas sa mga Tagasingil na Ahensiya na sundin nila ang mga patakaran ng ospital.Kailangan ding kilalanin at sundin ng mga Tagasingil na Ahensiya ang anumang mga plano ng pagbabayad na pinagkasunduan ng ospital at ng pasyente.

Tulong Pinansiyal (Pangangalagang Pangkawang-gawa): Naninindigan ang Sutter Health sa pagkakaloob ng tulong pinansiyal sa mga kwalipikadong pasyenteng mababa ang kinikita at mga pasyenteng may insurance na humihinging bayaran ng pasyente ang malaking bahagi ng kanilang pangangalaga.Ang sumusunod ay isang buod ng mga hinihingi para sa kwalipikasyon para sa Tulong Pinansiyal at ang proseso ng aplikasyon para sa pasyenteng nagnanais humingi ng Tulong Pinansiyal.Ang mga sumusunod ang kategorya ng mga pasyenteng kwalipikado para sa Tulong Pinansiyal:

- Mga pasyenteng walang ikatlong partidong pagmumulan ng pambayad, tulad ng kompanya ng insurance o programa ng pamahalaan, para sa anumang bahagi ng kanilang mga gastusing medikal **at** ang kinikita ng kanilang pamilya ay kapantay ng o mas mababa sa 400% ng federal poverty level.

- Mga pasyenteng sakop ng insurance ngunit (i) ang kinikita ng pamilya ay kapantay ng o mas mababa sa 400% ng federal poverty level; **at** (ii) ang mga gastusing medikal para sa kanilang sarili o sa kanilang pamilya (na nangyari sa kaanib ng ospital o binayaran sa mga ibang provider sa nakalipas na 12 buwan) ay lumalampas sa 10% ng kinikita ng pamilya ng pasyente.

- Mga pasyenteng sakop ng insurance ngunit nagamit na nila ang lahat ng kanilang benepisyo bago o habang sila'y nasa ospital, at ang kinikita ng kanilang pamilya ay kapantay ng o mas mababa sa 400% ng federal poverty level.

Maaari kayong mag-apply para sa Tulong Pinansiyal gamit ang form ng aplikasyon na makukuha sa Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente, na makikita sa mga Departamento ng Patient Access /

Registration sa Ospital, o sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente sa 855-398-1633. o sa website ng Sutter Health o ng Ospital (www.sutterhealth.org).Maaari din kayong magsumite ng aplikasyon sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa isang kinatawan mula sa Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente, na siyang tutulong sa inyo sa pagkumpleto sa aplikasyon.Habang nasa proseso ng aplikasyon hihingin sa inyong magbigay kayo ng impormasyon hinggil sa bilang ng tao sa inyong pamilya, sa inyong buwanang kinikita, at iba pang impormasyon na tutulong sa ospital para ipasiya kung kwalipikado kayo para sa Tulong Pinansiyal.Maaaring hingin sa inyo na magbigay kayo ng pay stub o mga record sa buwis para tulungan ang Sutter na patunayan ang inyong kinikita.

Pagkatapos ninyong magsumite ng aplikasyon, pag-aaralan ng ospital ang impormasyon at aabisuhan kayo sa pamamagitan ng sulat hinggil sa inyong kwalipikasyon.Kung mayroon kayong anumang mga tanong habang nasa proseso ng aplikasyon, maaari ninyong tawagan ang opisina ng Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente sa (855) 398-1633.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng ospital, maaari kayong magsumite ng pagkukuwestiyon sa opisina ng Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente.

Makukuha nang personal ang mga kopya ng Patakaran ng Ospital sa Tulong Pinansiyal na ito, ang Buod sa Simpleng Lengguwahe at Aplikasyon, pati na rin ang mga aplikasyon para sa programa ng pamahalaan na makukuha sa maraming lengguwahe sa aming mga opisina ng Pagrerehistro ng Pasyente o Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente, at sa www.sutterhealth.org at makukuha sa pamamagitan ng koreo.Mapapadalhan rin namin kayo ng kopya ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal nang walang bayad kung tatawagan ninyo ang aming opisina ng Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente sa 855-398-1633.

Alinsunod saInternal Revenue Code Section1. 501(r)-5, ipinapatupad ng Sutter Health ang prospektibong paraan ng Medicare para sa mga halagang sinisingil na pangkalahatan; gayunpaman, ang mga pasyenteng kwalipikado para sa tulong pinansiyal ay hindi pinansiyal na responsable para sa higit sa mga halagang sinisingil na pangkalahatan dahil ang mga kwalipikadong pasyente ay hindi nagbabayad ng anumang halaga.

Mga nakabinbin na aplikasyon: Kung ang isang aplikasyon ay naisumite na sa ibang programa ng coverage sa kalusugan sa parehong panahon na magsusumite kayo ng aplikasyon para sa pangangalagang pangkawang-gawa, hindi magiging hadlang ang alinman sa mga aplikasyong ito upang maging kwalipikado kayo para sa mga ibang programa.

Insurance sa Kalusugan/Coverage sa Programa ng Pamahalaan/Tulong Pinansiyal: Kung mayroon kayong coverage sa insurance sa kalusugan, Medicare, Medi-Cal, California Children's Services, o anumang iba pang pagmumulan ng pambayad para sa bill na ito, pakikontak ang Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente sa 855-398-1633.Kung naaangkop, sisingilin ng Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente ang mga entity na ito para sa inyong pangangalaga.

Kung wala kayong insurance sa kalusugan o coverage sa pamamagitan ng programa ng pamahalaan tulad ng Medi-Cal o Medicare, maaaring kwalipikado kayo para sa programa na tulong ng pamahalaan.Mabibigyan kayo ng Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente ng mga form ng aplikasyon, at matutulungan nila kayo sa proseso ng aplikasyon.

Kung tumanggap kayo ng Tulong Pinansiyal mula sa Ospital na sa paniniwala ninyo ay sumasakop sa mga serbisyo na nakasaad sa bill na ito, mangyaring kontakin ang Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente sa 855-398-1633.

California Health Benefit Exchange: Maaaring kwalipikado kayo para sa coverage sa insurance sa kalusugan sa ilalim ng Covered California.Kontakin ang Mga Serbisyong Pangnegosyo ng ospital para sa karagdagang detalye at tulong upang alamin kung kwalipikado kayo para sa coverage sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California.

Impormasyon ng Kokontakin: Nakahanda ang Mga Pinansiyal na Serbisyo sa Pasyente para sagutin ang inyong mga tanong tungkol sa bill ninyo sa ospital, o kung gusto ninyong mag-apply para sa Tulong Pinansiyal o programa ng pamahalaan.Ang numero ng telepono ay 855-398-1633.Ang mga oras ng aming telepono ay 8:00 A.M. hanggang 5:00 P.M., Lunes hanggang Biyernes.

Exhibit G

Sutter Health Affiliate Hospitals, Physical Address and Website Address for Financial Assistance

Alta Bates Summit Medical Center

Patient Access/Registration

Ashby Campus
2450 Ashby Avenue
Berkeley, CA 94705
510-204-4444

Herrick Campus
2001 Dwight Way
Berkeley, CA 94704
510-204-4444

Summit Campus
350 Hawthorne Avenue
Oakland, CA 94609
510-655-4000

http://www.altabatessummit.org

California Pacific Medical Center

Patient Access/Registration

California Campus
3700 California Street
San Francisco, CA 94118
415-600-6000

Pacific Campus
2333 Buchanan Street
San Francisco, CA 94115
415-600-6000

Davies Campus
Castro and Duboce
San Francisco, CA 94114
415-600-6000

St. Luke's Campus
3555 Cesar Chavez St.
San Francisco, CA 94110
415-647-8600

http://www.cpmc.org

Eden Medical Center

Patient Access/Registration

Eden Campus
20103 Lake Chabot Road
Castro Valley, CA 94546
510-537-1234

http://www.edenmedicalcenter.org

Kahi Mohala, A Behavioral Healthcare System

Patient Access/Registration

91-2301 Fort Weaver Road
Ewa Beach, HI 96706
808-671-8511

http://www.kahimohala.org

Memorial Medical Center

Patient Access/Registration

1700 Coffee Road
Modesto, CA 95355
209-526-4500

http://www.memorialmedicalcenter.org

Memorial Hospital, Los Banos

Patient Access/Registration

520 I Street
Los Banos, CA 93635
209-826-0591

http://www.memoriallosbanos.org

Menlo Park Surgical Hospital

Patient Access/Registration

570 Willow Road
Menlo Park, CA 94025
650-324-8500

http://www.pamf.org/mpsh

Mills-Peninsula Health Services

Patient Access/Registration

1501 Trousdale Drive
Burlingame, CA 94010
(650) 696-5400

http://www.mills-peninsula.org

Novato Community Hospital

Patient Access/Registration

180 Rowland Way
Novato, CA 94945
415-897-3111

http://www.novatocommunity.org

Sutter Amador Hospital

Patient Access/Registration

200 Mission Blvd.
Jackson, CA 95642
209-223-7500

http://www.sutteramador.org

Sutter Auburn Faith Hospital

Patient Access/Registration

11815 Education Street
Auburn, CA 95602
530-888-4500

http://www.sutterauburnfaith.org

Sutter Coast Hospital

Patient Access/Registration

800 East Washington Blvd.
Crescent City, CA 95531
707-464-8511

http://www.suttercoast.org

Sutter Davis Hospital

Patient Access/Registration

2000 Sutter Place
(P.O. Box 1617)
Davis, CA 95617
530-756-6440

http://www.sutterdavis.org

Sutter Delta Medical Center

Patient Access/Registration

3901 Lone Tree Way
Antioch, CA 94509
925-779-7200

http://www.sutterdelta.org

Sutter Lakeside Hospital and Center for Health

Patient Access/Registration

5176 Hill Road East
Lakeport, CA 95453
707-262-5000

http://www.sutterlakeside.org

Sutter Maternity & Surgery Center of Santa Cruz

Patient Access/Registration

2900 Chanticleer Avenue
Santa Cruz, CA 95065-1816
831-477-2200

http://www.suttersantacruz.org

Sutter Medical Center, Sacramento

Patient Access/Registration

Sutter General Hospital
2801 L Street
Sacramento, CA 95816
916-454-2222

Sutter Memorial Hospital
5151 F Street
Sacramento, CA 95819
916-454-3333

Sutter Center for Psychiatry
7700 Folsom Blvd.
Sacramento, CA 95826
916-386-3000

http://www.suttermedicalcenter.org

Sutter Roseville Medical Center

Patient Access/Registration

One Medical Plaza
Roseville, CA 95661
916-781-1000

http://www.sutterroseville.org

Sutter Santa Rosa Regional Hospital

Patient Access/Registration

30 Mark West Springs Road
Santa Rosa, CA 95403
707-576-4000

http://www.suttersantarosa.org

Sutter Solano Medical Center

Patient Access/Registration

300 Hospital Drive
Vallejo, CA 94589
707-554-4444

http://www.suttersolano.org

Sutter Tracy Community Hospital

Patient Access/Registration

1420 N. Tracy Boulevard
Tracy, CA 95376-3497
209-835-1500

http://www.suttertracy.org